*MALAY 33 (1) December 2020, pp. 52–65*

# Ontolohiya, Materyalidad, Metapora, at Transgresyon: Haraya ng Dagat sa mga Piling Kuwento ni Gremer Chan Reyes /

# *Ontology, Materiality, Metaphor, and Transgression: Oceanic Imaginings in Gremer Chan Reyes's Selected Stories*

Joanne Visaya Manzano
UP Diliman, Pilipinas
jvmanzano@up.edu.ph

Karaniwang inilalarawan ang karagatan sa mga malikhaing akda bilang espasyong pasibo, hindi maarok, nakasisindak, at antitetikal. Subalit may limitasyon ang nasabing mga representasyon lalo kung nagmumula sa terestriyal na pang-unawa. Inilangkap ang historikal at heograpikal na mga paliwanag sa pagsusuri ng mga piling akda ni Gremer Chan Reyes upang palutangin ang ontolohikal, metaporikal, at transgresibong dagat. Isinusulong ng papel na makapagpapayaman sa pag-aakdang literari ang pagkakagagap sa likido at gumagalaw na kalikasan ng karagatan.

**Mga Susing Salita:** dagat, ontolohiya, materyalidad, metapora, transgresyon

*The ocean is typically represented in creative works as a passive, unfathomable, terrifying, and antithetical space. But such depictions can be somewhat lacking if formed from a terrestrial point of view. Drawing on history and geography, selected works of Gremer Chan Reyes were analyzed to illustrate the significance of the ontological, material, metaphorical, and transgressive sea. The paper argues that understanding the fluid and moving nature of the ocean can enrich literary representations.*

***Keywords***: *sea, ontology, materiality, metaphor, transgression*

Copyright © 2020 by De La Salle University

**Panimula**

Sinasabing napakadaling ikubli sa postmodernong gunita ng kalagayang maritimo kahit pa sa bayang pulo-pulo (Baker x). Lalong nabawasan ang pagpapahalaga sa kalinangan at kamalayang-dagat dahil sa pag-unlad ng transportasyong panlupa at panghimpapawid at sa pag-abante ng telekomunikasyon. Kaakibat ng pagbabago sa sistema ng paglalakbay at pakikipag-ugnayan ang pagdidiin sa terestriyal na pag-unawa sa daigdig. Dito nailalapat ang pananaw ng pamamalagi sa dagat bilang isang bersiyon lamang ng pamamalagi sa lupa (Mack 14). Nakakaligtaang kahit magkaugnay ang kalupaan at karagatan, mayroong mga natatanging pagkakaiba ang dalawa. Nagresulta ito sa hindi pagkakasapul sa katangian ng dagat na lalong nakapagpapalabnaw sa pagkakaunawa at pagpapahalaga rito.

Sa Pilipinas, natulak ang pagpaksa sa karagatan sa laylayan ng mga diskurso sa Agham Panlipunan at Humanidades dahil sa pagbibigay-priyoridad sa mga saliksik na nakatuon sa kalupaan; perspektibang Kanluranin at terestriyal; at dibisyon ng dagat at lupa sa ngalan ng kapital (Mangahas at Roldan 116; Villan 11; Manzano, *Ang Pilipinong Seaman* 23). Masasalamin ang nasabing pagsasantabi sa obserbasyon ni Mojares na may kahinaan ang tradisyong maritimo sa panitikan ng bansa (218). Sa katunayan, walang natagpuang sistematikong pagtitipon, pagsusuri, at pagpapakahulugan sa "Panitikang Maritimo *sa* Pilipinas" ((Manzano, "Pagtukoy at Pagpapakahulugan" 104).

Bilang ambag sa kritisismong literari na nakatuon sa pagpapalalim ng pang-unawa sa dagat, ilalangkap ang mga heograpikal at historikal na lapit sa mga malikhaing akda. Sa partikular, bibigyang pansin ang mga konsepto ng ontolohiya, materyalidad, metapora, at transgresyon ng dagat dahil sa kakulangan sa paggagap sa nasabing mga katangian, napananatili ang pag-unawang mula sa lente ng kalupaan (Anderson at Peters 2014; Steinberg at Peters 2015).[1] Layuning mailarawan ang kumikilos at nagbabagong karagatan na integral sa pag-unawa sa kultura ng mga arkipelago katulad ng Pilipinas.

Upang maisakatuparan ito, tatakakayin ang mga akda ni Gremer Chan Reyes mula sa aklat na *Men at Sea and Other Stories* (2009) na kalipunan ng mga maikling kuwento mula 1966 hanggang 2004 at isinalin ni Hope Sabanpan-Yu sa Ingles.[2] Sa partikular, magmumula ang mga sinuring teksto sa "The Child, The Bird, The Man," "Men at Sea," "The Fish of the Flower of Talikod," "A Day in the Life of a Man at Tinagong Dagat," at "A Shore on the Other Side of the Sea." Tampok ang dagat sa mga akda hindi lamang bilang pasibong elemento kundi tagapagpakilos ng mga tauhan, pangyayari, at tunggalian. Matingkad sa mga sulatin ni Reyes ang kinalakhang pook sa pagpaksa sa karagatan at mga gawaing kaugnay nito. Ipinanganak siya sa Lungsod ng Cebu noong 1931 subalit tumira rin ang kaniyang pamilya sa Matanhag at Tinagong Dagat na nagsilbing tagpuan ng marami sa mga kuwento. Sinasabing ginugol niya ang kaniyang kabataan na "nagbabasa ng mga aklat at lumalangoy sa dagat" (Teodoro). Ayon naman kay Sabanpan-Yu, "mas nakaugat si Reyes sa dagat kung ihahambing sa ibang mga Sebwanong manunulat. Sa pamamagitan ng mga karanasan mula rito'y naging isa siya sa mga pinaka-iginagalang na manunulat ng fiksiyon" (Reyes 15). Nagsimulang makilala si Reyes noong dekada sisenta kung kailan tumampok ang kaniyang mga kuwentong "Patay nga Kalibotan" (Patay na Daigdig), "Mga Tingog sa Ulan" (Ang Tunog ng Ulan), at "Mga Binuhat sa Lawod" (Mga Nilalang ng Dagat) (Sapanban-Yu 164). Nakatanggap siya ng maraming mga gawad sa panitikan at inilarawan ni Mojares bilang isa sa mga pinakamahusay na manunulat (Oaminal). Sa kasalukuyan, kabilang ang mga akda ni Reyes sa mga pinakamadalas mailahok sa mga antolohiyang Sebwano (Kintanar-Alburo).

Kung susuriin ang mga akdang naisulat na tungkol sa dagat, natatangi si Reyes sa konsistent na pagpaksa sa mga karanasang nakaugnay sa dagat.[3] Mayroon itong temang tumatahi sa kaniyang karanasan at imahinasyon na salamin ng pagpapahalaga sa kapaligiran at kulturang maritimo. Makabuluhan ang mga panulat ni Reyes sa produksiyong pampanitikan mula sa rehiyon na kadalasang hindi nasasapul ng mga akdang nanggagaling sa kalunsuran. Sa isang antas, maituturing ding kritik ang mga kuwento sa kahungkagan ng mga karanasan sa sentro/lungsod (Sabanpan-Yu 161). May mga nagsuri na sa *Men at Sea and Other Stories* mula sa lente ng rehiyonal na panitikan at ekokritisismo (Sabanpan-Yu 2009 at Teodoro 2010) at ang inihahain naman ng papel ay ang pagtatampok sa maritimong katangian ng mga akda.

**Dagat sa Malikhaing Panulat at Panitikan**

Isa sa mga pinaka-unibersal na simbolismo sa literatura ang dagat (Raban 3). Napupukaw nito ang haraya ng manunulat upang isatitik ang malalimang eksplorasyon sa kalikasan at kalagayan ng tao. Laman ito ng mga malikhaing panulat dahil "hindi naaarok ang dagat" kaya perpekto nitong napapalabo ang hangganan ng probabilidad at pantasya (Philbrick 10). Sa pag-aaral ni Isham (2004), naging popular ang naturang nosyon sa romantikong manunulat na nagpapahalaga sa papel ng emosyon at koneksiyon sa kadakilaan ng natural na mundo. Dahil dito, tumampok ang kalikasan bilang lunan ng mga sentimyento. Sa ganitong konteksto, naging simbolo ng kadakilaan ang karagatan dahil sa makapangyarihan nitong puwersa na parehong ikinahahalina at ikinasisindak ng mga tao. Para sa kamalayang romantiko, kagyat na makabuluhan ang masungit na panahon sa laot o barkong hinahagupit ng alon para mailarawan ang mga pagsubok na kinakaharap ng sangkatauhan. Nararanasan ito hindi lamang sa paglalayag kundi sa paglangoy at pagmamasid mula sa dalampasigan. Naging ugat ng paghanga at kontemplasyon ang walang humpay na pagtatagpo ng tubig-alat at buhangin o bato sa baybayin. Para sa maraming malikhaing manunulat, angkop na tagpuan ang dagat para pagnilayan ang misteryo at lalim ng dagat.

Makabuluhan ang imahinasyon dahil nalilikha nito ang mga posibleng mundo at walang-hanggang mga posibilidad. Sa katunayan, sinasabing umiiral ang lahat ng teksto sa parehong totoo at hinarayang pook (Soja 1996). Mas madaling naipauunawa ang kaugnayan ng abstraktong espasyo sa lipunan sa malikhaing pamamaraan (Ridanpää sa Tally 187) dahil mabisa ang mga elementong retorikal upang gawing kapani-paniwala ang nilalaman ng naratibo. Napatunayan nang kapaki-pakinabang ang talinghaga upang ilapit sa kaalaman at karanasan ng mambabasa ang mga paksang di-pamilyar (Barnes at Duncan 11). Sa panitikan naitatahi sa salaysay ang materyal at metaporikal upang maging isang nauunawaang kabuuan. At dahil nangungusap ang daigdig, nagpatuloy ang mga malikhaing manunulat sa pagsasatitik sa mga naratibo.

Sa kabilang banda, may paalala naman para sa lubusang pagdambana sa metaporikal lalo na kung natatabunan o nababago nito ang realidad. Mahusay ang eksposisyon ni Steinberg sa nasabing usapin: "Kahit na nagsisilbing makapangyarihang kasangkapan ang metapora sa panitikan, maaari itong makapinsala kung ibinabaling nito ang atensiyon palayo sa aktuwal na konstruksiyon (katulad ng pagpapalabnaw sa eksploytasyon ng paggawa, ekstorsiyon ng kapangyarihan, reproduksiyon ng mga institusyon, at iba pa)" (*The Social Construction* 158). Kaya naman sa pagpuno sa puwang ng materyal at metaporikal, makabuluhang tanganan ng manunulat ang tungkuling magkaroon ng ambag sa totoong mundo. Paliwanag ni Westphal, hindi dapat kalimutang umiiral ang espasyo ng tao sa moda ng pagdanas at diskurso at anumang malikhaing akda, kahit gaano kalayo sa katotohanan, ay bahagi ng realidad, at marahil, ay *lumalahok sa pagbuo ng totoo* (85).

Dito isinusulong ang paglalangkap ng katotohanan at haraya sa mga akdang realistiko at piksiyonal para magagap ang daigdig. Patunay na hindi lamang ang panitikan ang may kaugnayan sa realidad kundi napapaloob din ang realidad sa diskursong pampanitikan. Ang mahalaga ay kung gaano katagumpay ang manunulat na ilapit ang piksiyonal na dagat sa katotohanan ng mambabasa. Dahil kung tatanggaping nailuluwal ng panulat ang pag-iral ng isang pook, napananatili naman ng mga mambabasa ang buhay nito (Westphal 143). Ibig sabihin, hindi lamang *sinasalamin* ng panitikan ang karagatan kundi *aktibong binibigyang kahulugan* ito bilang heograpikal na pook.

Napatunayan na sa kasaysayan ang kapangyarihan ng panulat para sa paglikha ng mga alternatibong realidad. Sa pamamagitan ng pagtatagpo ng manunulat, teksto, at mambabasa, nagkakaroon ng mas malalim na implikasyon ang pook sa mga pahina. Ayon kay W. J. T. Mitchell, "may dalawang papel sa ideolohiya ang *landscape* (o *seascape*) bilang kultural na midyum: ginagawa nitong natural (likas) ang mga konstruksiyon (artipisyal) at pinaniniwala ang tumitingin na ang parehong representasyon at katotohanan ay iisa" (sa Moslund 19). Katulad ng paglalarawan ng mga kolonisador sa inangking mga karagatan, may motibong imperyalistiko sa mga akda, litaw man o hindi. Paliwanag ni Said (1978) mas makikita ito sa estilo, talinghaga, tagpuan, elemento ng naratibo, at sirkumstansiyang sosyal at historikal kaysa kawastuhan ng representasyon (Brosseau sa Tally 13). Naisiwalat sa maraming pag-aaral kung paano ipinakilalang "eksotiko," "salbahe," o "naiiba" ang mga taga-isla upang ipakilalang imperyor ang

mga nakolonya (Keown 2007). Sa pamamagitan nito, napaniwala ang mga mambabasa sa "dakilang tungkulin" ng mga Kanluraning sakupin ang mga lipunan sa Silangan upang "iahon sa kamangmagan at kadiliman." Sa kabilang banda, may potensiyal din ang mga pook, katulad ng dagat, upang maging lunsaran ng pag-aalsa laban sa mapang-aping sistema. Dahil napagtataglay ng emosyonal at rasyonal na kahulugan ang espasyong literari, maituturing ding tunggalian ng mga pagpapakahulugan ang mga pahina ng tekstong pampanitikan.

Makabuluhan ang implikasyon nito sa pag-unawa sa daigdig na makiling sa lupa, kahit pa binubuo ng tubig ang 70% ng ibabaw nito. Sa katunayan, kadalasang iniintindi ang materyalidad ng dagat gamit ang balangkas ng mga ontolohiyang terestriyal (Steinberg at Peters 2015). Kailangang itransporma ang ganitong pananaw dahil may mga batayang pagkakaiba ang lupa at dagat. Kaya isinusulong ng ibang mga akademiko na:

> Mahalagang maisaalang-alang ang ugnayan ng maritimong pananaw at kaalamang iskolarli. Inisyal na nabuo ang kasalukuyang mga kategorya ng panunuring panlipunan upang unawain ang mga pamayanang nasa kalupaan. Marahil ang pinakamahalagang usaping hindi pa nareresolba ay ang transpormasyon ng mga perspektiba mula sa dagat upang masapul ang mga realidad ng katubigan […] (Bentley, Bridenthal, at Wigen 17)

Dahil sa kakulangan sa pag-uugnay ng ontolohikal na katangian ng dagat sa iba't ibang larang sa humanidades at agham panlipunan, naipakikilala ito bilang dekorasyon o espasyong walang laman. Kung gayon, nagsisilbi itong bukas na espasyo upang malagyan o mapatawan ng varayti ng mga pagpapakahulugan. Problematiko ito kung sa proseso ng interpretasyon, napapalabnaw ang esensiya ng karagatan o nagiging pawang ekstensiyon ng lupa. Sa mga pagkakataong tumututol ang katubigan na mapaloob sa pamantayang terestriyal, ipinapaloob naman ito sa kategoryang "Iba." Ipinagpapalagay na dahil sa likidong materyalidad at pisikal na katangian ng dagat kaya itinuturing itong kakaiba. Dahil dito, nagkaroon ng dikotomiya ang sentral na karanasan ng tao sa solidong kalupaan at ang nasa laylayan nitong gumagalaw na karagatan (Anderson at Peters 5).

Dagdag ni John Mack, kahit ang mga itinuturing na sulatin "tungkol sa dagat," piksiyonal man o historikal, ay karaniwang "tungkol sa buhay sa barko" dahil hindi binibigyang tuon ang nilulutangang ibabaw o tinutungtungang ilalim (Steinberg, "Of Other Seas" 159). Karaniwan ding tungkol sa kasaysayan *sa* dagat ang mga naratibo kaysa kasaysayan *ng* dagat (Miller 5) dahil sa limitadong imersiyon ng manunulat sa mga gawaing maritimo. Sinasabing nagreresulta ito sa reduksiyon ng imahen ng katubigan sa purong metaporikal na antas. Bilang halimbawa, kahit sinasabing hindi nakapaglayag, nakalikha si William Shakespeare ng mga matalinghagang analohiya sa kawalang-hanggan ng karagatan o sa pag-uugali ng mga alon at ang koneksiyon ng mga ito sa kalagayan ng tao (Mack 25; Raban 2003). Hanggang sa kasalukuyan, matingkad pa rin ang paradigmang romantiko sa panitikang maritimo (Klein at Mackenthun 6).

Sa masaklaw na pagtingin, maaaring tingnan ang paglalarawan sa espasyo bilang pagtatangkang iugnay ang heograpiya sa teksto (mga pook, tagpuan) sa heograpiyang nakapalibot dito (pisikal na mundo) (Brosseau sa Tally 20). Gayunman, hindi awtomatikong nagtataglay ng kahulugan ang mga bagay sa daigdig at ang pagrepresenta sa mga ito ay higit sa tamang kaayusan ng mga salita. Sa halip, ang mga tao ang nagpapasya kung paano ilalarawan ang mga bagay kaya nangangailangan pa rin ng interpretasyon (Barnes at Duncan 2). Paliwanag ni Steinberg, nag-iiwan ng puwang sa pag-unawa ang *parsiyal* na katangian ng pakikipagtagpo sa dagat kaya naging sentro ng mga akademikong disiplina ang kalupaan (Anderson at Peters 4).

Kaugnay nito, isinusulong ng papel na makatutulong ang pag-unawa sa ontolohiya, materyalidad, at talinghaga ng dagat sa pagpapayaman ng representasyon nito sa malikhaing panulat at panitikan. Nasa konteksto ito ng tendensiya ng pananalinghaga na mailarawan ang *aktuwal na espasyo* bilang sisidlang patay o walang laman (Tally 34). Dahil dito, mahalagang lampasan ang karaniwang representasyon sa dagat bilang "hindi maarok" at "antitetikal sa kalupaan" upang maibsan ang pagpananatili at pagpapalaganap sa katubigang hindi nauunawaan.

**Ontolohikal na Dagat**

Maoobserbahan ng ordinaryong tao ang kalikasan ng tubig kahit wala itong teknikal na kasanayan.

Ang pahayag na, "Walang karakter ang dagat dahil imposibleng mag-iwan dito ng bakas" (Schmitt 2–3) ay manipestasyon ng likidong katangian. Ito marahil ang dahilan kung bakit palagi nang isinasalaysay ang karagatan bilang misteryoso. Ganito rin ang nasasaisip ng di-pinangalanang tauhan ni Reyes sa "Men At Sea" na hindi mapanghawakan ang temporari at transitoring katangian ng dagat: "He saw the waves break and turn to foam. Now it was here, now it was gone. What was the use, he asked himself, in believing without certainty. […] Everything was like a bubble" (106). Ito na marahil ang pinakamalaganap na pagkakakilala at pagpapakilala sa malikhaing panulat at panitikan:

> Karagatan ang nasa haraya ng makata sa pag-arok ng kailaliman at kaibuturan dahil dumadalas at sumisidhi ang pagpaksa sa "ilog ng daigdig" kapag pinagninilayan ang tungkol sa imensiti ng buhay at kabilang-buhay (Baker 24). Kahit sa teatro, malaganap ang metapora ng misteryoso at hindi maarok na dagat (Windmüller 23). Marahil ang likidong katangian at palagiang varyasyon ang sanhi kumbakit ito naging angkop sa mga *mito ng hindi maipaliwanag* (Sobecki 6. Aking diin). (Manzano, "Pagtukoy at Pagpapakahulugan" 109)

Subalit kung isasaalang-alang ang ontolohikal na usapin, sa halip na sabihing wala o hindi maarok ang karakter, mas angkop na ipahayag na *ito* ang karakter ng karagatan. Ano nga ba ang kalikasan ng dagat? Tinawag itong "ontolohiyang basa" nina Steinberg at Peters (2015): "Panabayang nararanasan ang tubig bilang (1) ibabaw at lalim, (2) set ng tiyak na mga lokasyon pero patuloy na nililikhang muli ng mga makilos na molekyul, at (3) elementong nagtataglay ng materyalidad ng pagiging likido o basa subalit isa lamang ito sa tatlo nitong estadong pisikal (ang dalawa ay ang pagiging yelo at singaw [vapour])." Sa parehong esensiya, inilarawan naman itong "ontolohiyang likido" nina Anderson at Peters:

> Malinaw na likido ang dagat; gumagalaw ito sa pamamagitan ng likidong katangian; makilos ang lokasyon, di-pirmi ang anyo, at nagbabago ang kemikal na katangian. Ang mundo ng katubigan kung gayon ay nasa palagiang estado ng pagiging, daigdig ito ng permanente at pansamantala. Likido ang ontolohiya ng dagat (11).

Ito ang dahilan kung bakit kahit ang kalmadong katubigan ay hindi sapat upang makampante ang mga lulan ng bangka. Batid ng mga tauhan sa "Men At Sea" ang nagbabadyang panganib nang biglang tumigil ang pag-usad ng kanilang sasakyan sa paghinto ng hangin at alon. Manunumbalik at manunumbalik ang pagkilos ng dagat at sa pagbabalik nito'y sa anyo ng uli-uli.

Malaki ang implikasyon ng paggagap sa materyalidad ng dagat sa paraan ng representasyon at pagsusuri. Una, dahil tatlo ang dimensiyon (3D) nito, mababago ang tuon mula sa erya (ibabaw) patungong volyum (taas at lalim); at pangalawa, dahil sa likidong kalikasan at konstant na paggalaw, muling mapag-iisipan ang mga konseptong nakabatay sa solidong lupa. Natuklasan ito ni Dodo sa pagsisid sa dagat at pagmamasid sa galaw ng isdang nagbabantay sa isang kakaibang bulaklak (Reyes 116). Nang tangkaing lapitan ito, sunod-sunod ang pag-atake ng nasabing isda sa goggles niya kaya siya napilitang umahon. Napapangiti si Tatang sa kawalang-ideya ng apo subalit ilan nga ba sa mga "taga-lupa" ang nakakaunawa sa *buhay* sa ilalim ng dagat na lampas sa aquarium o turistikong larawan/palabas ng makukulay na isda at korales?

Taglay ng kamalayang moderno ang patag na mapa at naipapataw niya ang katangian nito sa parehong itaas at ilalim (Elden 3). Madalas na nakatuon sa ibabaw ang konsentrasyon ng estado at inuunawa ang himpapawid at karagatan mula sa tinutungtungang kalupaan. Ngunit napatunayan na ng maraming mga pag-aaral na nagiging sanhi rin ng mga krisis politikal ang mga likas-yaman sa ilalim ng lupa o dagat (mineral, langis, isda). Maaaring ituring ang kasalukuyang isyu ng agawan sa West Philippine Sea na nagmumula sa ekonomikong interes sa karagatan. Kaya sa paglalararawan sa katubigan, hindi sasapat ang naratibo mula at tungkol lamang sa ibabaw. Sa katunayan, kahit ang sinasabing "ibabaw" ay mahirap gagapin dahil ito ma'y nagiging ilalim at pagdaka'y ang ilalim naman ang nagiging ibabaw (Ryan 1). Mabisa itong nailarawan sa naging kalagayan ng mga tauhan sa "Men at Sea" habang nasa laot:

> Before them, a huge whirlpool was stirring. It was so strong that the water would pulverize whatever got sucked in its way. […] It seemed as if they were about to get sucked into a drain in the sea. Then they were carelessly raised up then thrown down angrily. Then the whirling

> waters moved away and worked their fury in the distance ahead (Reyes 109).

Dahil din sa likidong katangian, nangangailangan ng bagong paraan ng pag-unawa ng espasyo ng katubigan. Tinangkang ilagay ang karagatan sa mapa sa pamamagitan ng mga imahinaryong linya at punto. Subalit hindi ito kailanman magiging permanente dahil ang pagkapagkit (sa papel o mapa) ay antitetikal sa pagkilos:

> Kaiba sa tiyak na punto sa lupa (maliban na lamang sa heolohikal na pagpapanahon), ang representasyon ng punto sa espasyong-dagat ay artipisyal na pagpipirmi ng mga prosesong *heopisikal*. Binubuo ang dagat ng mga vektor ng pagkilos—pagbabago ng lebel, sirkulasyon at pag-alon —subalit hindi lamang ito nagaganap *sa* karagatan; ang mga ito *ang* karagatan. Dahil dito, imposibleng 'maipook' ang punto sa dagat bilang aktuwal at materyal na lugar (Steinberg sa Anderson at Peters xv).

Bilang halimbawa, nagiging kompleks ang heopolitikal na pamamahala sa laot o internasyonal na katubigan (high seas o international waters). Bagaman may ipinatutupad na United Nations Convention on the Law of the Seas (UNCLOS), walang estadong nagmamay-ari sa bahaging ito ng mundo (Steinberg, *The Social Construction* 143). Ito ang dahilan kumbakit sinasabing sa karagatang lampas sa mga nasyonal na teritoryo ginagawa ang mga iligal na gawain katulad ng bentahan ng droga o armas (UN News). Gayundin, may mga kaso ng pamimirata kung saan wala o kakaunti ang nagpapatrolyang ahente ng pamahalaan. Mahirap o imposibleng maglagay ng mga permanenteng himpilan sa laot upang makontrol ang kilos ng lahat ng dumadaan dito. Sa pamamagitan ng pagbibigay-atensiyon sa materyalidad ng tubig, maaaring radikal na mabago ang interpretasyon sa dinamiko ng kapangyarihan sa karagatan. Katulad ng dagat, nakakatawid, nakakakilos, at nakakalitaw sa tubig ang mga maritimong sabjek at objek sa mga paraang hindi nakikilala at inaasahan (Steinberg at Peters 2015). Sa pagsasaalang-alang sa *espasyong kumikilos*, inaasahang mas magiging angkop ang pag-intindi sa kultura ng mga tao ng dagat.

*Maritimong Kultura at Kamalayan: Repleksiyon ng Pagkakagagap sa Ontolohiya ng Dagat*

Kaugnay nito, makabuluhan ang pagsapul sa ontolohikal na katangian ng karagatan sa pagsusuri ng mga batayang pagkakaiba ng kontinental at maritimong kamalayan. Tampok sa una ang pagtingin sa dagat bilang puwersang kailangang bakahin. Nabigyang diin dito ang aksidente sa dagat bilang malaking suliranin o trahedya. Sa katunayan, hitik ang Europeong literaturang maritimo sa literal at metaporikal na pakikihamok sa karagatan (Philbrick 1961; Edwards 1994; Isham 2004; Sobecki 2008; Cohen 2010; Mathieson 2016). Tinalakay naman ni Philbrick ang kaugnayan ng karagatan sa nasyonalismo, mga pirata, eksploytasyon, at pangako ng pantasya (1961). Sa mga pag-aakda, kailangang matalo at makontrol ang dagat upang marating ang malalayong pook na pagkukunan ng kayamanan. Nang magtagumpay na matawid ang malawak na katubigan, dinala ng mga dayuhan ang ekonomikong interes at kultural na pagpapahalaga, esteryotipo, at paniniwala. Sapilitang ipinataw ng mga ito ang sariling konsepto ng espasyo at oras upang episyenteng mapakinabangan ang paggawa, hilaw na materyales, at pamilihan ng kolonya. Naging malaganap ang pagtinging terestriyal sa panahon ng eksplorasyon at kolonisasyon lalo't kontrolado ng mga nasa kapangyarihan ang ideolohikal na mga aparato (Bentley, Bridenthal, at Wigen 2007).

Taglay ng dagat ang simboliko at materyal na kabuluhan nito sa kontekstong imperyal, nasyonal, lokal, at etniko subalit naging daluyan din ito hindi lamang ng pagkakaisa kundi salungatan. Bilang halimbawa, tinalakay ang tungkol sa orang laut o taong dagat subalit inilalagay sila ng pamahalaan sa *kategorya ng lupa*. Sinasabing naging ganito ang sistema dahil *mahirap ipook* ang mga taong dagat dahil nagkalat at palipat-lipat ang mga ito. Bukod dito, wala silang natutukoy na pinanggalingang espesipikong lugar sa kalupaan. Dahil hindi umaangkop sa alinmang kategorya, naipalaganap ang pagtingin sa kanila bilang "wala sa lugar."

Sa kabilang banda, gaya ng mga orang laut, may natatanging konsepto ng panahon at pook ang mga katutubo, lalo na ang mga nakatira sa kapuluan. Hindi blangkong espasyo ang mga karagatan bago nagawang "ilagay sa mapa" ng mga Europeo ang mga pulo at iba pang lupain sa Asya o Pasipiko. Sa panahong

kinatatakutan pa ng Kanluranin ang karagatan dahil sa mga "kakila-kilabot na mga nilalang" o dahil sa "hangganan nitong bangin," nakapaglayag na sa malalayong lupain ang mga maritimong ninuno, kagaya ng mga Austronesyano.

Ilang mga pag-aaral na ang nakapaglarawan sa natatanging kamalayan ng mga pulo-pulong pamayanan sa katubigan. Paliwanag ni Epile Hau'ofa, sa pananaw ng mga taga-Polynesia, hindi maliit o makipot ang isla dahil naninirahan sila sa malawak na dagat ng mga isla kung saan kumikilos at nagtatagpo ang mga tao (Sobecki 14). Paniwala rin ng mga katutubo ng Micronesia na hindi sagka ang dagat upang makarating sa ibayong pulo kundi daan o "ocean highway" ito (Brower 17). Sa madaling sabi, ang katubigan ang nagsisilbing koneksiyon o nag-uugnay sa mga lupain. Taliwas ito sa konsepto ng mga Europeo na kaya magkahiwalay ang isla A at isla B ay dahil may dagat na pumagitan. Paliwanag ni Steinberg, mayaman sa konsepto ng pook ang kamalayang Mikronesyano kung saan itinuturing na kalsada ang mga ruta sa laot (*The Social Construction* 54). Lumitaw ang parehong pagpapahalaga sa mga "kalsada ng dagat" sa mga vanua (daungan) at pangingisdang mataw sa Mahatao at Basco, Batanes (Mangahas 1994).

Kahit ang sistema ng nabigasyon ng mga taga-Pasipiko na mahigpit na nakabatay sa kalikasan ay patunay sa husay ng mga katutubo sa paggamit ng mga daan sa karagatan (Lewis 1994). Noong ika-17 siglo, naitala ni Francisco Alcina ang kakayahang bumasa ng panahon ng mga Bisaya, katulad ng pagdating ng bagyo. Walang nararamdamang dis-oryentasyon ang mga ito kahit hindi nakikita ang mga isla sa paglalakbay. Nababatid nila ang kanilang kinalalagyan batay sa kilos ng alon, lumulutang na mga bagay, direksiyon ng mga ibon at isda, at pormasyon ng mga ulap at kidlat (Scott 18). Ang nasabing diwa ng pook o kinalulugaran sa laot kahit walang "papel na mapa" ang dahilan kumbakit sinasabing hindi sinasalungat ng maritimong katutubo ang galaw ng karagatan, kundi sumasabay at nakikipagkaisa rito. Anupat sinasabing "sumasakay" ang mga ito sa alon upang makapaglakbay, katulad ng ginawa ng mga Pi-sho-ye (Bisaya) sa pagsalakay sa Fukien, China noong ika-12 siglo (Isorena 2004).

Dahil naman sa malalim na pagkakaunawa sa dagat, itinuturing ang pagkawasak ng bangka sa laot at pagkapadpad sa ibang lupain na *pagkabalam* o *pansamantalang pagtigil* lamang dahil naniniwala ang mga lokal na mandaragat na makakabalik muli. Ayon kay George Irwin, ang paglalayag ng mga taga-isla sa gitna ng mapanganib na panahon ay nakabatay sa tiwalang makakauwi ang mga ito (Klein at Mackenthum 16). Dahil sa taimtim na paniniwala sa kakayahan, naging posible ang malawakan at malayuang eksplorasyon. Taliwas ito sa kontinental na pananaw na sagka ang dagat upang marating ang malalayong pook. Malinaw sa maritimong perspektibo at paraan ng pamumuhay ang pagkilala at pag-angkop sa likido at gumagalaw na katangian ng karagatan.

## Materyal at Metaporikal na Dagat

Sinasabing mahigpit ang pagkakaugnay ng kasaysayan at heograpiya sa panitikan dahil kadalasang kumakatawan sa tunay na buhay ang produkto ng haraya. Kinikilalang importante ang mga instrumentong retorikal upang maiparating ng manunulat ang mensahe sa mga mambabasa (Barnes at Duncan 3). Nakapaloob man sa daigdig ng talinghaga o realismo ang pag-akda, maituturing itong direkta o di-direktang elemento ng mga karanasan (Yamashiro 11). Maliban sa layuning estetiko, makabuluhan ang pag-aaral sa tagpuan dahil makapagpapalitaw ito ng pag-unawa at pagpapahalaga ng may-akda sa kapaligiran, pagkakakilanlan, at kasaysayan. Dahil ang tagpuan ang lunan ng mga pangyayari, itinuturing itong (1) malikhaing bersiyon ng aktuwal na historikal na pook at (2) repleksiyon ng heograpikal na danas ng awtor (Hones 36). Sa katunayan, yumayaman ang pananaliksik tungkol sa pag-unawa sa mutwal na relasyon ng aktuwal at piksiyonal na mga pook.

Subalit walang ganitong paghahati bagkus ay likas na nagsasanib ang materyal at metaporikal na espasyo noong sinaunang panahon. Lumitaw lamang ang dibisyon sa pagitan ng dalawa nang patawan ng pisikal at tiyak na katangian ang mga pook (Westphal 82). Makikita halimbawa sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas kung paano inilangkap ng mga tao ang heograpikal na dagat sa mga epiko, alamat, at mito sa pag-unawa sa daigdig. Mamamalas ito sa ulat ni Loarca kung saan sentral ang katubigan sa pagkakabuo ng daigdig:

> [N]abuo ang arkipelago dahil sa isang ibon na walang madapuan at mapagpahingahan. Pinag-away nito ang langit at dagat. Sinikap abutin ng dagat ang langit sa pagsasaboy rito

> ng tubig. Bilang ganti, nagbagsak ng mga bato at lupa, lumitaw ang mga pulo ng arkipelago na siyang dinapuan at pinagpahingahan ng ibon (Ambrosio 49).

Sinasalamin ng salaysay ang materyal na kalagayan sa panahanang arkipelahiko na hitik sa maritimong bokabularyo, ritwal, at kamalayan. Pinunô ng mga katutubo ang dagat ng maraming varayti ng mga hayop, espiritu, at ibang nilalang (Boomgaard 4) dahil ito ang paraan nila upang unawain ang mundo. Sa pag-aaral naman nina Abrera (2001) at Ambrosio (2010), lumitaw sa mga epiko ang mga bangka na gamit ng mga bayani sa pangangayaw, panliligaw, o pagtatanggol sa pamayanan; ng mga diwata sa paghahatid ng kaluluwa sa huli nitong hantungan; at sa paglalakbay sa mga sapin ng langit at ilalim ng lupa. Maraming ritwal ng pagsilang, paglilinis, at pagtungo sa kabilang buhay na nakaugnay sa bangka at dagat. Sinasalamin din ng mayamang bokabularyong maritimo ang mga terminong kaugnay ng iba't ibang aktibidad sa katubigan. Sa pagdaan ng panahon, naging napakahusay ng lahing mula sa kabihasnang Austronesyano sa pagsakay sa alon, paggawa ng mga bangka, pagsisid ng perlas, pangangayaw, at paglalakbay sa dagat. Pagpapatunay na hindi lamang simpleng tagpuan ang katubigan kundi daluyan ng paniniwalang kultural at mismong batis na historikal.

Katulad ng materyal na kondisyon, maituturing ang naratibo bilang plataporma, proseso, at produkto at nagsisilbing kasangkapan sa pag-unawa sa lipunan. Lahat ng espasyo, kagaya ng karagatan, ay nagtataglay ng mga kuwento ng mga kaganapan, indibidwal at kolektibong danas, at ugnayan ng heograpiya at kasaysayan.

Gayunman, natural na magdudulot ng mga puwang ang representasyon dahil sadyang parsiyal ang pakikisalamuha ng tao sa dagat. Palagi itong mula sa dalampasigan, barko, ibabaw, o ilalim, na habang hitik sa epektong afektib, ay bahagya lamang ang pagsapul sa kompleksiti at materyalidad ng karagatan (Steinberg, "Of Other Seas" 156). Kaya mahalagang magmula ang pag-unawa sa *kombinasyon* ng antas ng emosyon ng manunulat at likas na katangian ng inuusisang dagat. Makikita ito sa matalik na pagkakaunawa ni Reyes sa kilos ng tubig na naglalaan o nagkakait ng biyaya. Ayon sa mangingisdang si Tatang sa "The Fish in the Flower of Talikod," may sariling kaayusan ang dagat na hindi mababali ninuman. Pagpapaunawa itong may batas ang kalikasan na nagbibigay-kahulugan sa hugis at laki ng alon o sa pagsulong at pag-atras ng tubig sa dalampasigan. Ramdam ito sa panghihinayang na naramdaman ni Along nang inumaga sa paggising:

> He would be unable to comb the shore for *bunog* to use as bait for catching swordfish. The bunog which would be perfect bait [...] was easy to grab from the foreshore at dawn but by now would be in the depths of the river (Reyes 89).

Napakawalan niya ang pagkakataong makakuha ng masaganang húli dahil sa kakulangan ng disiplina. Mapagbigay ang dagat sa mga tumatalima sa wastong panahon ng pangingisda subalit mapagkait sa mga nahuhulî. Napatunayan ito ni Emmanuel nang maiuwi ang sari-saring lamang-dagat bago uminit ang sikat ng araw (Reyes 149). Madaling mabasa na di-responsable ang mas batang si Along kung ihahambing kina Tatang at Emmanuel. Sa katunayan, nakagawa ang una ng serye ng mga pagkakamali dahil hindi pamilyar sa pangingisda. Nanggagaling ang pagkakaiba ng mga tauhan sa lalim (o babaw) ng pakikipag-ulayaw sa karagatan. Bago lamang sa kostal na pamumuhay si Along, samantalang lumaki sa piling ng dagat ang dalawa.

Napagsasanib naman ang materyal at metaporikal na dagat sa matalik na pagkakakilala ni Tatang sa kaniyang kapaligiran. Makikita ito sa pakikipagpalitan ng pananaw sa apong galing siyudad:

> "Being a fisherman is a challenge, Tatang."
> "It's a passion Dodo."
> "The fisherman is brave. There are many disasters at sea."
> "That's part of life." (Reyes 112)

Tunay ngang hindi madali ang buhay ng mamamalakaya. Nasisilayan ng mga pumapalaot sa masungit na panahon ang nagngangalit na mga alon at nag-aalimpuyong hangin. Dito, nasisindak ng dagat ang pinakamatatapang at napahihinuhod ang pinakamalalaking barko. Anupat nauuwi sa kapahamakan ang mga paghamon sa karagatan nang wala sa lugar. Sa gitna ng bangis ng karagatan, nangangailangan ng husay sa pagmaniobra sa mga daluyong upang malampasan ang malupit na kalagayan. Hindi lamang rasyonal na pag-iisip ang kailangan sa nasabing pagkakataon kundi pandama,

pakiramdam, at lakas. Ang mga trahedya sa dagat ang unang bumabandila sa mga balita at nakakarating sa mga tahanan kaya mas nabibigyang tuon.

Kadalasang naikukubli ang mga pamayanang nagkakanlong sa karagatan katulad ng mga Badjao na itinuturing na tahanan ang tubig (Sopher 1977). Kahit sa pagdating ng unos, mas kampante silang nasa bangka. Sa mga danas sa dagat, nakapagmamasid din ang mga mangingisda sa kilos ng alon, huni ng hangin, at pagbabago ng panahon. Nakapagdudulot ang pagkakaunawa ng tiwalang makapaglalayag ang mga ito upang maghanap ng yaman sa malawak na katubigan. Mapapansin sa sipi ang mga matalinghagang sagot ni Tatang sa apo. Hindi simplistikong masasabi na may lakas ng loob ang tao kaya nakakatagal sa ganitong ikinabubuhay kundi nagkaroon ito ng lakas ng loob nang makipagkaisa sa dagat.

Sa diyalektikal na puwersang taglay ng karagatan bilang tagapagbigay ng biyaya at sakuna, nabubuksan ang espasyo ng mga posibilidad. Nakapagpapalabas ng sindak ang dambuhalang mga alon subalit nakapagpapalitaw rin ito ng tapang at pananampalataya. Nagdudulot ng transpormasyon ang maligalig na kilos ng karagatan upang matuklasan ang mga natatagong kakayahan ng tao. Ang pag-asam sa nasabing lunas na hatid ng tubig ay nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa sa sarili at kapaligiran (Gidmark xviii).

Sa proseso naman ng pag-uusap nina Dodo at Tatang, naipakikilala hindi lamang ang tagpuan kundi ang pagkakakilanlan at kasaysayan ng kostal na pamayanan at mamamayan. Sa paglalangkap ng realidad ng pangingisda (mga sakuna) sa metapora ng pagpapahalaga sa paggawa (tapang at bokasyon), napapalalim ang pagsasakabuluhan sa buhay sa dagat. Sa parehong esensiya, napagsasanib ang deskripsiyon sa espasyo at historikal na paglalahad sa "A Day In the Life of a Man at Tinagong Dagat":

> Of all places! Punta was a sea cliff, whose jagged rocks were like sharp teeth of giant creatures that wallowed in the sea waiting for the ships that were blown over by bad weather (Reyes 144).

Ipinahihiwatig ng pahayag ang peligrosong pook na hindi sinasadya ng mga tagalabas maliban na lang kung ihatid ng masamang panahon. Inihahanda nito ang mambabasa sa pagtataka ng tauhang mangingisda sa pagdating ng isang dayo na nagngangalang Emmanuel. Namangha ito sa husay ng estranghero sa pag-angkop sa dagat na nagpapahiwatig na hindi bago rito ang maritimong pamumuhay. Pagdaka'y magbabalik-tanaw ang awtor sa kabuluhan ng bundok na tumatanaw sa karagatan bilang pook na pinagmulan ng batang si Dodong, naulila dahil sa militarisasyon at kakanlungin ni Emmanuel. Nagpapakahulugang hindi lamang sa kalikasan nagmumula ang banta sa mga taga-Punta kundi pati sa dahas ng estado na naaabot maski ang mga liblib na pook.

Tagapagbadya rin ang karagatan sa aksiyong magaganap sa mga kuwento ni Reyes. Naging senyales ang *nagngangalit na dagat* at *malabo at kulay-putik na dagat* upang ipahiwatig ang paparating na suliranin sa mga pangunahing tauhan:

> The sea rumbled with waves that rushed to crush the cliffs of Punta (Reyes 149).
>
> The sea was murky and there were countless drift woods by the shore (Reyes 150).
>
> The sea before them was murky (Reyes 105).

Pagkatapos ng unos, tatambad ang epekto ng ngalit ng kalikasan sa malabo at maduming dagat. Kasunod nito ang pagsisiwalat na pinaghahanap pala ng mga ahente ng gobyerno ang mapagkalingang si Emmanuel. Gayundin, mahaharap sa panganib ang lulan ng bangka sa "Men at Sea" nang masagupa ang uli-uli habang naglalakbay patungo sa kabilang isla. Sa kabilang banda, nagbabadya naman ng pag-asa ang *malinaw na karagatan*:

> "The water is so clear," he said pointing at the waters in front of him. "The sea clears up when the tide moves" (Reyes 118).

Katulad ng metapora ng buhay, hindi habambuhay ang masungit na panahon. Mayroon itong katapusang nagpapahiwatig sa muling pagsisimula at pagbangon katulad ng pagkilala at pagyakap ng apong si Dodo sa mga ninunong nakaugat sa karagatan.

Ramdam din ang diwa ng pook at pagpopook sa mga panulat ni Reyes sa deskripsiyon sa dagat bilang *misteryo*: "I feel that the mystery of life is locked in the deep. I am searching for its meaning" (Reyes 106) at *lunan ng alaala*: "It was a promise that the ocean

and the high cliffs of Tinagong Dagat bore witness to" (Reyes 159). Naipapaalala ritong ang lawak at lalim ng dagat ay sumasalamin sa parehong kawalang katiyakan (hindi pa lubusang nagagalugad kaya nagsilbing balon ng mga di- maipaliwanag) at katiyakan (regularidad ng kilos at prosesong kinapapalooban nito). Gayundin, repositoryo ng sinaunang panahon ang karagatan kahit nagpapatuloy ang pagpawi nito sa mga tanda at labi ng nakaraan (Wondrich sa Mathieson 145–146). Sa parehong materyal at metaporikal na dagat, magkahalili at magkapanabay itong nagpapahayag ng kasaysayan, pagbabago, at hinaharap.

**Transgresibong Dagat**

Masasabing transgresyon ang *mismong* dagat dahil sa kakayahang bumagtas, sumingit, tumagos, at lumampas. Gayundin, ginagawa nitong posible ang transgresyon ng mga sabjek at objek na nakalutang o nakapaloob dito. Dahil sa mobilidad ng karagatan, naihahatid ang mga diskursibong aksiyon na tumatawid sa mga hangganan at lumalabag sa mga limitasyon (Foust 3). Naging daluyan ang katubigan ng malakihan at malawakang mga migrasyon, naaayon man o labag sa kalooban ng mga tao. Sa pamamagitan nito, naitatag, napaunlad, at napabagsak ang mga pamayanan sa iba't ibang panig ng mundo. Taglay nito ang potensiyal ng pagbabago dahil matatawid lamang ang hangganan kung may kagustuhan at tapang na makapasok sa kabilang bahagi. Nangangahulugan ito ng bagong oportunidad para sa naghahanap ng mas mabuting buhay subalit nangangailangan ng lakas ng loob upang maharap ang mga pagsubok ng pagtungo sa ibayong dagat.

Sa kasaysayan, naging posible ang transgresyon sa presensiya ng nagsasalungatang dalawang panig (Westphal 43), maaaring kalikasan laban sa tao o tao laban sa tao. Nilakbay ng mga Kanluranin ang mga karagatan upang marating at maangkin ang mga lupaing pinamumuhayan ng mga katutubo. Kinolonya, minapa, pinangalanan, at inangkin ang mga "natuklasang teritoryo" upang matupad ang imperyalistang interes (Moslund 17). Pero hindi lamang sa pisikal na lunan maaaring maganap ang transgresyon kundi sa mga pamamaraan ng pagsasadiwa ng pook. Sa parehong esensiya na nagagamit ng mga dayuhan ang representasyon sa mga aklat upang baluktutin ang imahen ng mga katutubo, maaari ring gamitin ng katutubo ang parehong paraan upang bigyang kahulugan ang mga dayo. Mahalaga ring tingnan kung paano nagaganap ang subersiyon sa mga teksto upang mabigyang pansin ang lokal na perspektiba. Dahil nakabatay sa danas ang pag-unawa sa pook, naipapataw ang sariling pananaw at pagpapahalaga sa pagpapakahulugan na posibleng magsilbing kontra-gahum (Anderson at Loxley sa Cooper, Donaldson, at Murrieta-Flores 60).

Kaugnay nito, maituturing na transgresibo ang temang tumatahi sa mga akda ni Reyes sa *Men At Sea and Other Stories* (2009). Mababasa sa mga salaysay ang politikal na kamalayan at adhikain ng mga pangunahing tauhan sa "Men at Sea," "A Day in the Life of a Man at Tinagong Dagat," at "A Shore on the Other Side of the Sea." Sa unang akda, namuhay sa malayong baybayin ang anak-mayamang tauhan dahil hindi nito masikmura ang pagsasamantala ng amang kapitalista. Nagkaroon ng radikal na pananaw sa unibersidad, dumalas ang pagtatalo ng mag-ama dahil tinutunggali nito ang hindi makatarungang pamamalakad sa pamilya at sa lipunan. Bagaman hindi tuwirang sinabi, mahahalaw naman sa salaysay na naging biktima ng mga sundalo ang pamilya ni Emmanuel sa ikalawang kuwento. Kung babasahin ang subteksto, nasa panahon ito ng batas militar ni Marcos kung kailan napilitang magtago ang mga progresibo/ aktibista/rebolusyonaryo mula sa kamay ng pasistang gobyerno. Ang nakaraan ni Emmanuel ang naging daan upang kalingain ang ulilang si Dodong na kahalintulad niyang biktima ng militarisasyon. Binanggit namang kasapi ang pangunahing karakter na si Dino sa rebolusyonaryong kilusan sa huling kuwento. Hindi man politikal ang tema sa "The Fish of the Flower of Talikod" at "The Child, The Bird, The Man," naghahanap pa rin ng mas malalim na kabuluhan sa buhay at pag-iral ang mga pangunahing tauhan na katulad ng naunang tatlo. Sa katunayan, masasabing mabisa ang mga akda sa pagpuna at paghahantad sa kahungkagan ng indibidwalismo. Nagsisilbing kontra-gahum ang mga naratibong humahamon sa hindi makatarungang imposisyon ng mga nasa kapangyarihan. Hanggang hindi nalulutas ang mga batayang suliraning panlipunan, nanatili ang kabuluhan ng mga akdang katulad ng sinulat ni Reyes.

**Transgresyon sa Isla at Dalampasigan**

Sa bahaging ito tatalakayin ang mga sonang hindi maihihiwalay sa dagat—ang pulo at dalampasigan.

Dahil napalilibutan ng tubig, itinatakda ng pulo ang hangganan sa pagitan ng "kami" (taga-isla) at "sila" (dayuhan) (Dening 3). Gayundin, taglay nito ang diyalektikal na katangian ng espasyong limitado at walang hanggan (Windmüller 58). Sa parehong esensiya nagiging makabuluhan ang pagtatagpo ng katutubo at mga dayuhan sa dalampasigan. Itinuturing itong hangganan ng dagat at lupa subalit kung susuriin, mahirap matukoy kung ang baybayin ba ay pagsasalubong o paghihiwalay ng alon at buhangin. Paglalarawan ni Anna Ryan:

> Sa pagtatagpo ng dagat at lupa, nabubuo ang isang partikular na antas ng pagtatagpo. Ang pisikal na katangian ng dalampasigan bilang tagpuan ay magagagap sa walang humpay na pagkilos: patuloy-tuloy na nakikita ang nagsasalimbayang paglikha, pagwasak, at muling paglikha sa dinamiko ng liwanag, tunog, presensiya (o kawalan nito), ibabaw, ilalim at tekstyur. Regular, ritmiko, at konstant ang mga pagkilos, subalit napapagitnaan ng mga panahon ng pagrurok. Walang istatiko. Walang nananatiling pareho (12).

Ang nasabing pagtatagpo at pagbabago ay potensiyal para sa pagsalunga sa transgresyon. Maaaring tingnan ang bukana sa dalawang paraan: (1) mabuway na limitasyong maaaring tawirin o (2) hangganan kung saan kailangan nang tumigil (Westphal 42).

Kaugnay nito, sa baybayin ng Tinagong Dagat unang nasilayan ng mangingisdang tauhan ang pagdating ng estrangherong si Emmanuel. Dalawa ang pakahulugan ng pangalan ng dagat: Mahirap puntahan dahil malayo at kanlungan ng mga ayaw o hindi maaaring lumantad. Naipapaliwanag nito kung paano napili ng bagong dating ang lugar bilang pansamantalang himpilan. Pagdating ni Emmanuel sa dalampasigan, normal na reaksiyon ang pagtataka ng mangingisda dahil hindi puntahan ng mga turista ang kanilang lugar. Gayunman, hindi nito pinigilan ang dayo na sa kalaunan ay itinuring ng mga lokal na di-iba dahil sa pagpapakita ng mabuting intensiyon. Napatunayan ding kahalintulad ito ng mga naninirahan sa pamayanang kostal: "The man was sea-bred. He knew about the kind of wood that would last at sea" (Reyes 146), na tumutukoy sa angking kaalaman tungkol sa paggawa ng bangka. Dahil nakaharap sa dagat, naging aksesibol ang Punta sa mga manggagaling mula sa katubigan. Sa pamamagitan nito, nagaganap ang mga pagtatagpo at pagkikilanlan ng tagaloob at tagalabas.

Sa kabilang banda, sa mga pagkakataong hindi pinahihintulutan ang mga dayuhang pumasok, ang paglabag ay maituturing na agresyon. Taliwas sa pagtanggap ng mga tao kay Emmanuel, hindi nila nagustuhan ang pagdating ng armadong kalalakihan:

> Armed men [descended] to the shore. I lost my temper. I did not understand this unexpected appearance of armed men. What did they want from Tinagong Dagat? This remote barangay peacefully existed with the sea (Reyes 154–155)

Dahil sa pagiging bukas na espasyo ng dalampasigan, nahahantad din sa bulnerableng posisyon ang mga kostal na pamayanan. Kahit pa kaaway ang tingin sa mga militar, walang nagawa ang mga tagaroon nang paslangin si Emmanuel na kagagaling lang noon mula sa pangingisda sa dagat.

Sa kabila nito, masasabing naisakatuparan na ni Emmanuel ang layunin sa Punta at sa ibang lugar na kinilusan. Sa pamamagitan ng bangkang de-motor, nakakarating ito sa iba't ibang pook bitbit ang progresibong adhikain. Nagsilbing lunan ang sasakyan upang makarating sa mga baybaying pamayanan na mumulatin at palalahukin sa pagbabagong panlipunan. Ipinahihiwatig ng kaniyang pangalan ang posibilidad ng katubusan mula sa di-makatarungang sistema. Samakatwid, makabuluhan ang mga isla at dalampasigan dahil dito nagaganap ang transgresyon mula o patungo sa dagat.

Kahalintulad nito si Dino sa "A Shore on the Other Side of the Sea" na lumikha ng bangka upang abutin ang mga baybayin sa ibayo. Nang tanungin ng pamangkin kung bakit siya aalis, winika nitong: "I am going to find the thing that cannot be sold" (Reyes 159). Ipinahihiwatig nito ang paghahanap ng kabuluhang lampas sa materyalistiko at superpisyal. Bilang bahagi ng rebolusyonaryong kilusan, nagsisilbing lunsaran ang dagat sa paglampas at pagbaka sa mga imposisyong pinaiiral ng mga nasa kapangyarihan. Katulad ng katangian ng likidong nakakatagos sa mga siwang, nagtataglay ang transgresyon ng radikal na potensiyal upang mabago ang namamayaning kaayusan.

## Pangwakas

Katulad ng laging paalala sa mga akademiko, mahalagang matiyak na mabisang nakapagpapaliwanag sa mga mambabasa. Marahil ay mas mabigat ang tungkulin ng mga Pilipinong may interes sa pag-aaral ng karagatan dahil nabibilang tayo sa bayang pulo-pulo. Mahalagang mataya ang mga representasyon at pagpapakahulugan dahil nakapagdudulot ito ng lehitimasyon at reproduksiyon ng mga partikular na pananaw. Upang mapaunlad ang pagpaksa, iminungkahi ni Hester Blum na "humalaw sa mga estrukturang epistemolohikal mula sa buhay at sulatin ng mga mamamayang ang tahanan, pook-paggawa, daanan, bilangguan, o pangako ay ang dagat" (Steinberg, *The Social Construction* 156). Sa pamamagitan nito, malalaman ang kalagayang materyal at praksis ng mundong maritimo.

Matagumpay na nagawa ito ni Gremer Chan Reyes sa kaniyang mga akda. Dahil sa lumaki at nagkamalay sa isla, mabisang nailangkap ang ontolohikal, metaporikal, at transgresibong katangian ng dagat sa kaniyang malikhaing panulat. Makabuluhan ding nailarawan ang likido at kumikilos na karagatan na hindi lamang pawang ekstensiyon ng solido at istatikong kalupaan. Ipinakikilala ng ganitong materyalidad ang pag-intindi sa konteksto ng volyum at ibabaw-ilalim. Sa pamamagitan nito, maipauunawang ang dagat ay hindi isang espasyong *nagbibigay-daan* sa pagkilos (espasyo kung saan kumikilos ang mga bagay) kundi espasyong *binubuo ng pagkilos* at espasyo ng *mismong pagkilos* (Steinberg, "Of Other Seas" 165).

## Talahuli

[1] Sa paghihimay ng mga konsepto ng ontolohiya, materyalidad, metapora, at transgresyon, hindi maiiwasang humalaw sa mga dayuhang saliksik. Hindi nito intensiyong gawing modelo ang karanasan ng Kanluran. Bukod sa relatibong mas maunlad ang dayuhang literatura tungkol sa paksa, maituturing na tinataglay ng karagatan sa buong daigdig ang nasabing mga katangian at maaari ring iaplay sa Pilipinas. Gayunman, pangunahing layunin pa rin ang pag-ambag sa panitikang maritimo sa bansa sa pamamagitan ng mga akda ni Reyes.

[2] Pinanatili ang Ingles upang hindi mabago ang mga pagpapakahulugan mula sa orihinal na Sebwano.

[3] Para sa karagdagang mga detalye, maaaring basahin si Manzano, Joanne sa "Pagtukoy at Pagpapakahulugan sa mga Akdang Maritimo sa Pilipinas: Mga Makabuluhang Katangian at Kaugnay na Usapin." *Daluyan Journal*, Sentro ng Wikang Filipino 1.2 (2018): 103–123.

## Sanggunian


Abrera, Ma. Bernadette. "Bangka: Isang Paglalakbay tungo sa Kasaysayan at Kalinangang Bayan," Diss. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2002. Print.

Ambrosio, Dante L. *Balatik: Etnoastronomiya: Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino.* Lungsod Quezon: UP Press, 2010. Print.

Anderson, Jon at Kimberley Peters. *Water Worlds: Human Geographies of the Ocean.* England at USA: Ashgate, 2014. Print.

Anderson, Miranda at James Loxley. "The Digital Poetics of Place-Names in Literary Edinburgh." *Literary Mapping in the Digital Age.* Eds. David Cooper, Christopher Donaldson, at Patricia Murrieta-Flores. Oxon at New York: Routledge, 2016. 47–66. Elektroniko.

Baker, Samuel. *Written on the Water: British Romanticism and the Maritime Empire of Culture.* USA: University of Virginia Press, 2010. Print.

Barnes, Trevor J. at James S. Duncan, mga ed. *Writing Worlds: Discourse, Text, and Metaphor in the Representation of Landscape.* London: Routledge, 1992. Print.

Bentley, Jerry H., Renate Bridenthal, at Kären Wigen, mga ed. *Seascapes Maritime Histories, Littoral Cultures, and Transoceanic Exchanges*. Honolulu: University of Hawai'i Press, 2007. Elektroniko.

Boomgaard, Peter, ed. *A World of Water: Rain, Rivers, and Seas in Southeast Asian Histories.* Leiden: KITLV Press, 2007. Print.

Brosseau, Marc. "In, Of, Out, With and Through: New Perspectives in Literary Geography." *The Routledge of Literature and Space.* Ed. Robert T. Tally, Jr., Oxon at New York: Routledge, 2017. 9–27. Elektroniko.

Brower, Kenneth. *Micronesia: The Land, the People, and the Sea.* Baton Rouge: University of Louisiana Press, 1981. Print.

Cohen, Margaret. "The Chronotopes of the Sea." *The Novel Volume 2 Forms and Themes.* Ed. Franco Moretti, New Jersey: Princeton University Press, 2006. 647–666. Print.

Cohen, Margaret. *The Novel and the Sea.* New Jersey: Princeton University Press, 2010. Print.

Dening, Greg. *Islands and Beaches: Discourse on a Silent Land, Marquesas 1774–1880.* Honolulu: The University Press of Hawaii, 1980. Print.

Edwards, Philip. *The Story of the Voyage: Sea-Narratives in Eighteenth Century England.* Cambridge: Cambridge University Press, 1994. Print.

Elden, Stuart. "Secure the Volume: Vertical Geopolitics and the Depth of Power." *Political Geography* 30 (2013): 1–17. Elektroniko.

Foulke, Robert. *The Sea Voyage Narrative.* New York: Routledge, 2002. Print.
Foust, Christina R. *Transgression as a Mode of Resistance: Rethinking Social Movement in an Era of Corporate Globalization.* UK: Lexington Books, 2010. Print.
Gidmark, Jill B., ed. *Encyclopedia of American Literature of the Sea and Great Lakes.* Connecticut: Greenwood Press, 2001. Print.
Hones, Sheila. *Literary Geographies: Narrative Space in Let the Great World Spin.* New York: Palgrave Macmillan, 2014. Print.
Isham, Howard. *Image of the Sea: Oceanic Consciousness in the Romantic Century.* New York: Peter Lang, 2004. Print.
Isorena, Efren. 2004. "The Visayan Raiders of the China Coast, 1174–1190." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 32 (2): 73–95. Print.
Keown, Michelle. *Pacific Islands Writing: The Postcolonial Literatures of Aotearoa/ New Zealand and Ocean.* Oxford at New York: Oxford University Press, 2007. Print.
Kintanar-Alburo, Erlinda. "Cebuano Literature in the Philippines." *National Commission on Culture and the Arts.* NCCA, n.d. Web http://gwhs-stg02.i.gov.ph/~s2govnccaph/subcommissions/subcommission-on-the-arts-sca/literary-arts/cebuano-literature-in-the-philippines/. Oktubre 25, 2020.
Klein, Bernhard at Gesa Mackenthun, mga ed. *Sea Changes: Historicizing the Ocean.* New York at London: Routledge, 2004. Print.
Lewis, David. *We the Navigators: The Ancient Art of Landfinding in the Pacific.* Canberra: Australian National University Press, 1972. Print.
Mack, John. *The Sea: A Cultural History.* UK: Reaktion Books, Ltd., 2011. Print.
Mangahas, Maria. "Mataw, Amung Nu Rayon, Anitu Man, The "Fish of Summer" and the Spirits: An Ethnography of Mataw Fishing in Batanes." Tesis Masteral, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1994. Print.
Mangahas, Maria F. at Suzanna Rodriguez-Roldan. "Recovering Filipino Production of a Maritime Anthropogy." *Southeast Asian Anthropologies National Traditions and Transnational Practices*. Mga ed. Thompson, Eric C. at Vineeta Sinha. Singapore: National University of Singapore, 2019. 111–140. Elektroniko.
Manzano, Joanne. "Pagtukoy at Pagpapakahulugan sa mga Akdang Maritimo sa Pilipinas: Mga Makabuluhang Katangian at Kaugnay na Usapin." *Daluyan Journal*, Sentro ng Wikang Filipino 1.2 (2018): 103–123. Elektroniko.
____. *Ang Pilipinong Seaman sa Globalisasyon: Mga Naratibo ng Pagsubok at Pakikibaka.* QC: Sentro ng Wikang Filipino, 2018.
Mathieson, Charlotte, ed. *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600–Present*. Palgrave Macmillan, 2016. Elektroniko.
Miller, Peter N., ed. *The Sea: Thalassography and Historiography.* USA: University of Michigan Press, 2013. Print.
Mojares, Resil. "The Imaginary Body of the Nation." Binasang papel sa UP Centennial Lecture Series, UP Diliman, Quezon City, Setyembre 22, 1998. Print.
Moslund, Sten Pultz. *Literature's Sensuous Geographies: Postcolonial Matters of Place.* New York: Palgrave Macmillan, 2015. Print.
Oaminal, Clarence Paul. "Gremer Chan Reyes The Elite Cebuano Writer." *The Freeman* 29 Mar 2019: n. pag. *Philippinestar.com.* Web 25 Oktubre 2020.
Philbrick, Thomas. *James Fenimore Cooper and the Development of American Sea Fiction.* Massachusetts: Harvard University Press, 1961. Print.
Raban, Jonathan, ed. *The Oxford Book of the Sea.* Oxford: Oxford University Press, 2003. Print.
Reyes, Gremer Cham. *Men at Sea and Other Stories.* Salin ni Hope Sabanpan-Yu. Manila: National Commission on Culture and the Arts, 2010.
Ridanpää, Juha. "Imaginative Regions." *The Routledge of Literature and Space.* Ed. Robert T. Tally, Jr. Oxon at New York: Routledge, 2017. 187–194. Elektroniko.
Ryan, Anna. *Where Land Meets Sea: Coastal Explorations of Landscape, Representation and Spatial Experience.* Farnham UK: Ashgate, 2012. Print.
Sabanpan-Yu, Hope. "Nature as Persuasion: Ecology in Gremer Chan Reyes's Short Fiction." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 37.213 (Hunyo/ Setyembre 2009): 159–172. Elektroniko.
Schmitt, Carl. 2003. *The Nomos of Earth.* USA: Telos Press, Ltd., 2003. Print.
Scott, William Henry. *Boat Building and Seamanship in Classic Philippine Society*. Manila: National Museum, 1981. Print.
Sobecki, Sebastian I. *The Sea and Medieval English Literature*. Cambridge: D.S. Brewer, 2008. Print.
Soja, Edward W. *Thirdspace: Journeys to Los Angeles and Other Real-and-Imagined Places.* USA: Wiley, 1996. Print.
Sopher, David E. *The Sea Nomads: A Study of Maritime Boat People of Southeast Asia*. Singapore: Singapore National Museum, 1977. Print.
Steinberg, Philip E. *The Social Construction of the Ocean.* UK: Cambridge University Press, 2001. Print.
____. "Of Other Seas: Metaphors and Materialities in Maritime Regions." *Atlantic Studies* 10.2 (2013): 156–169. Elektroniko.
Steinberg, Peter at Kimberley Peters. "Wet Ontologies, Fluid Spaces: Giving Depth to Volume Through Oceanic

Thinking." *Environment and Planning D: Society and Space* 33.2 (2015): 247–264. Elektroniko.

Tally, Robert T., Jr., ed. *The Routledge Handbook of Literature and Space*. Oxon at New York: Routledge, 2017. Elektroniko.

Teodoro, John Iremil E. "Singing the Sad Song of the Sea." *GMA Network* Peb. 19, 2010. Web. 25 Oktubre 2020.

UN News. "Piracy and High Seas Crime Growing, Becoming More and More Sophisticated, UN Security Told." United Nations. 5 Peb. 2019. <https://news.un.org/en/story/2019/02/1032011>. 25 Oktubre 2020.

Villan, Vicente. "Sakayan, Sining at Wika: Pagpopook sa Ugnayang Panlipunan at Pangkalinangan ng Pilipinas sa Harap ng Pangkaayusang Pagbabanyuhay sa Daigdig noong Ika-17 at Ika-18 Siglo." *SALIKSIK E-Journal* 2 (2013): 1–29. Web. 7 Hulyo 2017.

Westphal, Bertrand. *Geocriticism: Real and Fictional Spaces*. New York: Palgrave Macmillan, 2011. Print.

Windmüller, Gunda. *Rushing Into Floods: Staging the Sea in Restoration and Early Eighteenth-Century English Drama*. Germany: V & R Unipress at Bonn University Press, 2012. Web. 1 Hulyo 2017.

Wondrich, Roberta Gefter. "Shores of History, Islands of Ireland: Chronotopes of the Sea in the Contemporary Irish Novel." *Sea Narratives: Cultural Responses to the Sea, 1600-Present.* Ed. Charlotte Mathieson. Palgrave Macmillan, 2016. 139–170. Elektroniko.

Yamashiro, Shin. *American Sea Literature: Seascapes, Beach Narratives, and Underwater Explorations.* New York: Palgrave Macmillan, 2014. Print.